**Aetna Better Health® of California**
PO Box 982971
El Paso, TX 79998

<Member Name> <Date>
<Member ADDR_LINE_1>
<Member ADDR_LINE_2>
<CITY, STATE ZIP>

Minamahal na [Member Name]:

Sumusulat kami na may nakapahalagang balita tungkol sa **Aetna Better Health of California.**

Ang **Aetna Better Health of California ay hindi magiging available sa inyong simula sa Enero 1, 2024.** Kakailanganin mong pumili ng isang bagong Medi-Cal health plan.

Makakatanggap ka ng mahalagang mga sulat sa koreo sa susunod na buwan mula sa California Department of Health Care Services (DHCS), ang ahensya ng estado na nangangasiwa sa Medi-Cal. Sasabihin sa iyo ng mga sulat ang higit pa tungkol sa pagbabagong ito. Tutulungan ka rin ng mga sulat na pumili ng isang bagong Medi-Cal health plan.

**Kung hindi ka pipili ng isang bagong Medi-Cal health plan sa buwan ng Disyembre 22, 2023**
Magtatalaga sa iyo ang Medi-Cal ng isang bagong Medi-Cal health plan na magsisimula sa Enero 1, 2024.

**Hindi magbabago ang iyong pagiging kuwalipikado at mga benepisyo sa Medi-Cal at Medicare**
Ang pagbabago sa mga planong pangkalusugan ay **hindi** makakaapekto sa iyong pagiging kuwalipikado at mga benepisyong Medi-Cal. Hindi mo kailangang tumawag sa iyong eligibility worker malibang kailangan mong i-update ang iyong personal na impormasyon. Kung mayroon kang mga pagbabagong irereport, tawagan kami sa **1-855-772-9076** o **TTY 711,** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.Puwede naming kontakin ang inyong lokal na opisina ng Medi-Cal para sa iyo. O puwede mong kontakin ang inyong lokal na opisina ng Medi-Cal. Mahahanap mo ang isang listahan ng mga opisina ng county sa www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx.

Kung mayroon ka ring coverage ng Medicare, ang pagbabagong ito sa iyong Medi-Cal health plan ay **hindi** magbabago ng iyong mga benepisyo ng Medicare, mga provider, o Medicare Advantage plan.

**Alamin pa**
Basahin pa ang higit tungkol sa pagbabagong ito sa *Abiso ng Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong mga Karapatan at Benepisyo (NOAI)* sa www.dhcs.ca.gov/Pages/MCP-Transition-Member-Information.aspx. Puwede mo ring gamitin ang iyong smartphone upang i-scan ang Quick Response (QR) code sa ilalim nitong sulat upang basahin ang NOAI. Ang NOAI ay may higit na impormasyong tungkol sa pagpapatala sa Medi-Cal health plan, mga pagpili mo sa Medi-Cal health plan, mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal, pagpapatuloy ng pangangalaga, at mapagkukunan sa kung sino ang tatawagan para sa mga tanong.

Kung gusto mo ng naka-print na kopya ng NOAI na ipapadala sa iyo sa koreo, tumawag sa **1-855-772-9076** o **TTY 711,** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Kung gusto mo ng abisong ito sa ibang wika o format tulad ng malalaking letra, audio, o Braille, tumawag sa **1-855-772-9076** o **TTY 711,** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

**Ang Aetna Better Health of California narito upang tulungan ka**
Ang **Aetna Better Health of California** pa rin ang iyong Medi-Cal health plan hanggang Disyembre 31, 2023. Sasaklawin namin ang iyong mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan hanggang sa panahong petsang iyon. Nakapangako kami na gagawin ang pagbabagong iyo sa madaling paraan hangga't posible para sa iyo. Makikipagtulungan kami sa iyo, sa iyong mga doktor, at sa iyong bagong Medi-Cal health plan upang tiyakin na patuloy kang makakatanggap ng pangangalagang kailangan mo. Gagawin namin na:

- Patuloy kang bigyan ng iyong mga benepisyong medikal, parmasya, at transportasyon habang nakatala ka sa aming Medi-Cal health plan hanggang Disyembre 31, 2023.
- Bigyan ang iyong bagong Medi-Cal health plan ng mahalagang impormasyong tungkol sa iyong umiiral na mga awtorisasyon o aprubal para sa iyong pangangalaga o upang magpatingin sa isang espesyalista.
- Tiyaking nauunawaan ng iyong doktor ang proseso ng “pagpapatuloy ng pangangalaga” na kailangan para sa lahat ng Medi-Cal health plan. Kung gusto mong panatilihin ang doktor na mayroon ka ngayon, ngunit ang doktor mo ngayon ay hindi nagtatrabaho sa iyong bagong Medi-Cal health plan, puwede mong hilingin sa iyong bagong Medi-Cal health plan ang pagpapatuloy ng pangangalaga. Sa pagpapatuloy ng pangangalaga, ay maaaring maipagpatuloy ang mga ito ng hanggang 12 buwan. Kung gusto mo ng pagpapatuloy ng pangangalaga, makipag-usap sa iyong doktor. Pagkatapos ay tawagan ang member services ng bago mong Medi-Cal health plan oras na sabihin sa iyo ng Medi-Cal ang tungkol sa bagong Medi-Cal health plan. Dapat kang tumawag hindi bababa sa 30 araw bago magsimula ang bagong Medi-Cal health plan.

**May Mga Tanong?**
Kung may mga tanong ka o kailangan mo ng tulong, tumawag sa **1-855-772-9076 o TTY 711,** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Puwede ka ring tumawag sa Medi-Cal Health Care Options (HCO) o Medi-Cal Ombudsman para sa higit pang impormasyon at tulong

- Tawagan ang Medi-Cal HCO Lunes – Biyernes, 8 a.m. Hanggang 6 p.m. sa **1-800-430-4263** (**TTY: 1-800-430-7077)**. Libre ang pagtawag. O magpunta sa Medi-Cal HCO sa www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov.
- Matutulungan ka ng Ombudsman sa iyong mga alalahanin, reklamo, o karaingan. Puwede mong tawagan ang Medi-Cal Ombudsman Lunes – Biyrenes 8 a.m. – 5 p.m. sa **1-888-452-8609**. Libre ang pagtawag. O mag-email MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov.

Salamat,

**Aetna Better Health of California**

SCAN ME